



31 Disyembre 2017

Kapistahan ng Banal na Mag-anak

Taon B

Masaya at Banal na Mag-anak

Ang ating pamilya ang ating “munting daigdig” – kung saan tayo ay panatag. Pakiramdam nati’y minamahal tayo at natututo rin tayong magmahal.

Sa ating panahon, sa maraming pagkakataon, ang pangarap ng isang maligaya’t tapat na mag-anak ay sinisira ng kasakiman, inggit, pagmamataas, at kawalan ng pananagutan.

Ang ating pagdiriwang sa Kapistahan ng Banal na Mag-anak ay muling nag-aalok sa atin ng pagiging kaakit-akit ng pangarap at ng pamamaraan upang ito’y maging masayang katotohanan sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng mensahe ng Salita ng Diyos. Nawa ang halimbawa ni Maria at Jose at ang turo ni San Pablo ang siyang maging inspirasyon para sa ating mag-anak.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Mga pastol nagsidalaw kay Hesus na bagong silang, nakahiga sa sabsaban kapiling n’ya’y ang magulang na Maria’t Joseng banal.

Pagbati

P–Ang biyaya at kapayapaan ng Diyos Ama, Panginoong Hesukristo, at Espiritu Santo ay sumainyo.

B– At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Natitipong tulad ng pamilya ng Diyos, tayo’y buong tiwalang manalangin para sa kanyang pagpapatawad, lalung-lalo na para sa mga pagkakasala natin sa ating mga kamag-anak. (Tumahimik sandali.)

P–Panginoong Hesus, patawarin mo ang aming kawalan ng pagpapaumanhin, paggalang, at kalinga sa mga kamag-anak. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kristong aming kapatid, patawarin mo ang aming pagpapabayang makiisa sa sama-samang pagdarasal ng aming mag-anak. Kristo, kaawaan mo kami!

B–Kristo, kaawaan mo kami!

P–Panginoong Hesus, patawarin mo ang aming kawalan ng malasakit para sa kapakanan at kapayapaan ng malawak na pamilyang aming parokya. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B–Amen!

Papuri

B–Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong

angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P–Ama naming makapangyarihan, pinagkalooban mo kami ng ulirang huwaran ng angkan, na sina Hesus, Maria at Jose, ang Mag-anak na banal. Sa pagtulad namin sa kanilang mabuting pagsusunuran kami nawa’y magkamit ng walang maliw na kaligayahan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!

**PAGPAPAHAYAG NG
SALITA NG DIYOS**



Unang Pagbasa *Ecc 3:2-6.12-14*

Ang pagiging magalang ng mga anak sa kanilang mga magulang ay siyang nagtatayo ng isang masayang mag-anak. Ganito ang katotohanang ikinikintal ni Ben Sira, banal na may-akda ng Unang Pagbasa.

L – Pagpapahayag mula sa Aklat ni Sirac

Ang mga ama ay binigyan ng Panginoon ng kapangyarihan sa mga anak, at iniutos niya na sundin ng mga anak ang kanilang ina. Ang gumagalang sa kanyang ama’y nagbabayad na sa kanyang kasalanan, at ang nagpaparangal sa kanyang ina’y parang nag-iimpok ng kayamanan. Ang gumagalang sa kanyang ama’y paliligayahin naman ng kanyang mga anak, at ang panalangin niya’y agad diringgin ng Panginoon. Ang nagpaparangal sa kanyang ama at nagdudulot ng kaaliwan sa kanyang ina, ay tumatalima sa Panginoon; pahahabain ng Diyos ang kanyang buhay. Anak, kalingain mo ang iyong ama pag siya’y matanda na, at huwag mo siyang dudulutan ng sama ng loob habang nabubuhay. Pagpaumanhinan mo siya kapag nanlalabo na ang kanyang isip; huwag mo siyang lalapastanganin ngayong nasa kasibulan ka na ng iyong lakas. Ang paglingap mo sa iyong ama ay di makakalimutan ng Panginoon, iyan ay magiging kabayaran sa iyong mga kasalanan.

Ang Salita ng Diyos!
B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 127*

B – *Mapalad ang sumusunod na taong may takot sa D’yos!*

R. M. Velez



* **Mapalad ang bawa’t tao na sa Diyos ay may takot, ang maalab na adhika’y sumunod sa kanyang utos. Hindi siya magkukulang sa**

anumang kailangan, ang buhay ay maligaya’t uunlad ang kanyang buhay. **B.**

* **Sa tahanan, ang asawa’y parang ubas na mabunga. Bagong tanim na olibo sa may dulang ang anak n’ya. **B.****

* **Ang sinuman kung ang Diyos buong pusong susundin, buhay niya ay uunlad at laging pagpapalain. Mula sa Sion, pagpapala nawa ng Diyos ay tanggapin, at makita habang buhay, pag-uunlad ng Jerusalem. **B.****

Ikalawang Pagbasa *Co 3:12-21*

Pagmamahal, paggalang at malasakit sa isa’t isa ay siyang marapat na maging mahahaling katangian ng bawat Kristiyanong mag-anak. Ganito ang nanghahamong mensahe ni San Pablo sa mga nananampalataya sa lahat ng panahon.

L – Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Colosas

Mga kapatid: Kayo’y hini-rang ng Diyos, itinalaga para sa kanya at minamahal niya. Kaya’t dapat kayong maging mahabagin, maganda ang kalooban, mapagpakumbaba, mabait at matiisin. Magpaumanhinan kayo at magpatawaran kung may hinakit kayo sa isa’t isa. Pinatawad kayo ng Panginoon kaya’t magpatawad din kayo. At higit sa lahat, mag-ibigan kayo pagka’t ito ang buklod ng ganap na pagkakaisa. At paghariin ninyo sa inyong puso ang kapayapaang kaloob ni Kristo, sapagka’t ito ang dahilan kaya kayo tinawag upang maging bahagi ng isang katawan. Magpasalamat kayong lagi. Ang mga salita ni Kristo ay itanim ninyong mabuti sa inyong isip. Magpaalalahanan kayo at magturuan nang buong kaalaman. Umawit kayo ng mga salmo, mga imno, at mga awiting espirituwal, na may pagpapasalamat sa Diyos. At anuman ang gagawin ninyo, maging sa salita o sa gawa, gawin ninyong lahat sa pangalan ng Panginoong Hesus, at sa pamamagitan niya’y magpasalamat kayo sa Diyos Ama.

Mga babae, pasakop kayo sa inyu-inyong asawa, sapagka’t iyan ang kalooban ng Panginoon.

Mga lalaki, ibigin ninyo ang inyu-inyong asawa, at huwag silang pagmamalupitan.

Mga anak, sundin ninyong lagi ang inyong mga magulang, sapagka’t ikinalulugod iyan ng Panginoon.

Mga ama, huwag ninyong kagagalitan nang labis ang inyong mga anak, at baka manghina ang kanilang loob.

Ang Salita ng Diyos!
B – Salamat sa Diyos!

Aleluya

B – Aleluya! Aleluya!
Kapayapaan ni Kristo at Salita n’yang totoo nawa’y manahan sa inyo.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Lu 2:22-40*

Ang pambungad na mga talud-tod ng siping ito ay naglalahad ng magandang halimbawa ng isang mag-anak na tumutupad sa kahilingan ng mga utos ng Diyos. Ang tampok na diwa’y tungkol sa masiglang pananalig ni Simeon kay Kristo bilang Tagapagligtas, at sa kanyang pagpapahayag ng mahigpit na pagkakaisa ng kapalarang nagbubuklod sa Anak at Kanyang Ina.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
B – Papuri sa iyo, Panginoon!

Nang dumating ang araw ng paglilinis sa kanila, ayon sa Kautusan ni Moises, dinala si Hesus ng kanyang mga magulang sa Jerusalem upang iharap sa Panginoon, sapagka’t ayon sa Kautusan, “Ang bawa’t pangana-ay na lalaki ay nakatalaga sa Panginoon.” At naghandog sila, ayon sa hinihingi ng Kautusan ng Panginoon: “Mag-asawang batu-bato o dalawang inakay na kalapati.”

May isang tao noon sa Jerusalem, ang pangala’y Simeon. Matapat at malapit sa Diyos ang lalaking ito at naghihintay sa katubusan ng Israel. Sumasakanya ang Espiritu Santo na nagpahayag sa kanya na hindi siya mamamatay hangga’t hindi niya nakikita ang Mesiyas na ipinangako ng Panginoon. Sa patnubay ng Espiritu, pumasok siya sa templo. At nang dalhin doon ng kanyang mga magulang ang sanggol na si Hesus upang gawin ang hinihingi ng Kautusan, siya’y kinalong ni Simeon. Ito’y nagpuri sa Diyos, na ang wika, “Kunin mo na, Panginoon, ang iyong abang alipin,

ayon sa iyong pangako, yamang nakita na ng aking mga mata ang iyong pagliligtas, na inihanda mo para sa lahat ng bansa: Liwanag itong tatanglaw sa mga Hentil, at maghibigay-karangalan sa iyong bayang Israel.”

Namangha ang ama’t ina ng sanggol dahil sa sinabi ni Simeon tungkol sa kanya. Binasbasan sila ni Simeon, at sinabi kay Maria, “Tandaan mo, ang batang ito’y nakatalaga sa ikapapahamak o ikaliligtas ng marami sa Israel, isang tanda mula sa Diyos nguni’t hahamakin ng marami kaya’t mahahayag ang kanilang iniisip. Dahil diyen, ang puso mo’y para na ring tinarakan ng isang balaraw.”

Naroon din sa templo ang isang propetang babae na ang pangala’y Ana, anak ni Fanuel na mula sa lipi ni Aser. Siya’y napakatanda na. Pitong taon lamang silang nagsama ng kanyang asawa, nang siya’y mabalo. At ngayon, walumpu’t apat na taon na siya. Lagi siya sa templo at arawgabi’y sumasamba sa Diyos sa pamamagitan ng pag-aayuno at pananalangin. Lumapit siya nang oras ding iyon at nagpasalamat sa Diyos. Nagsalita rin siya tungkol kay Hesus sa lahat ng naghihintay sa pagpapalaya ng Diyos sa Jerusalem. Nang maisagawa nila ang lahat ng bagay ayon sa Kautusan, bumalik na sila sa kanilang bayan, sa Nasaret, Galilea. Ang bata’y lumaking malakas, marunong at kalugud-lugod sa paningin ng Diyos.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit.

Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Taglay ang pananalig sa Panginoong humirang sa atin na maging kabahagi ng Kristiyanong mag-anak at ng Simbahan, manalangin tayo para sa lahat ng mga mag-anak sa daigdig.

B – Sa pamamagitan ng Banal na Mag-anak, Panginoon, dinggin Mo kami!

* Para sa malaking mag-anak ng Simbahan at ng sangkatauhan: Nawa ang lahat ng kanilang mga kasapi’y magtamasa ng kalinga nina Hesus, Maria, at Jose. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng mga Pilipinong mag-anak: Nawa’y manatili silang nagkakaisa at nagkasundo nang dahil sa kanilang pananampalatayang Kristiyano at sa tulong ng buong pamayanan. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga mag-anak na walang tahanan at emigrante: Nawa’y pahalagahan ng kanilang mga kamag-anak ang pananampalataya, pagkakaisa, at katapatan sa relihiyon sa kabila ng mga kahirapan sa buhay. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga mag-anak na bagu-bago pa lamang nabubuo ngayon: Nawa’y makatagpo sila ng inspirasyon sa Banal na Mag-anak ng Nasaret. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating mag-anak: Nawa’y maghari ang kapayapaan ni Kristo sa bawat isa sa atin, maging mapagpatawad at manatiling magkakabuklod sa di-makasariling pagmamahal. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan (*Tumahimik sandali.*)

Manalangin tayo! **B.**

P – Panginoong Diyos, pagpalain Mo ang lahat ng mag-anak sa buong daigdig. Paglapitin Mo sila sa isa’t isa at papanatilihin sa Iyong kapayapaan at pagmamahal, sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

B – Amen!



P – Manalangin kayo . . .

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay, sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, sa pagganap namin sa hain ng pakikipagkasundo, kami nawa’y tuwangan ng Mahal na Birhen at ni San Jose sa aming pagdalangin para maging matatag ang mga mag-anak sa iyong kagandahang-loob at kapayapaan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B – Amen!**

Prepasyo ng Pasko III

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat na pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon. Sumilay sa amin ang pagkakataong makipagpalitang handog sa iyo ngayon. Inako ng iyong maaasahang Anak ang pagkatao naming alangan at hamak. Kahit kamatayan namin ay kanyang natikman upang kami’y makasalo sa buhay na walang hanggan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B – Aming ipinahahayag na namatay ang ‘yong Anak, nabuhay bilang Mesiya at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG



B– Ama namin . . .

P– Hinihiling namin . . .

B– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paanyaya sa Pakikinabang

P– Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ang Poong D'yos nating mahal ay nakitang nananahan dito sa lupang ibabaw. S'ya'y kaisa at kapisan ng buong sangkatauhan.

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal, kaming iyong pinapakinabang sa piging na banal ay gawin mong makapamuhay gaya ng Banal na Mag-anak. Matapos naming pangatawanan ang aming mga pananagutan sa lupang ibabaw, kami nawa'y makasalo sa kanilang kasiyahan sa kalangitan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

PAGWAWAKAS



P– Sumainyo ang Panginoon.

B– At sumaiyo rin!

P– Pagpalain nawa kayo ng Makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B– Amen!

P– Humayo kayo sa kapayapaan upang ibigin at maglingkod sa Panginoon, lalo na sa inyong mga kamag-anak.

B– Salamat sa Diyos!

Ating Pamilya, Pamilya ng Diyos

Maraming pamilya sa ating lipunan ang sira na. Nakatala lamang ang mga ito sa mga munisipyo at sa alaala ng matagal nang panahon. Kung saan dating may kabaitan at pagtitiwala, ngayo'y naghahari na ang sama ng loob at pagtataksil. Kung saan dating naghari ang bigayan at pagmamahalan, ngayo'y kasakiman o kung minsan pa'y pagkamuhi. Karamihan sa ganitong mga nasirang tahanan ay umabot na sa sukdulan, mga anak sa labas, at pagtataksil ay naging karaniwan na lamang.

Paanong mapalalaki ng ganitong mga magulang ang kanilang mga anak bilang Kristiyano? Anong mga pamilya ang magbubuhay sa kanilang mga anak?

Lahat ng ito ay bunga ng krisis sa mga pagpapahalaga, krisis ng pananampalataya. Sinira na ng malisya at kasakiman ang dati nang mahina sa loob. Kailangang muling matuklasan ng ating mga pamilya ang mga Kristiyanong pagpapahalagang tulad ng pagmamahal, katapatan, paggalang, pagpapatawad, kalinisan, pananalig, at panalangin. Tanging sa pag-iingat lamang ng ganitong mga pagpapahalaga malalampasan ng isang pamilya ang mga bagyo ng buhay.

Ang Banal na Mag-anak nina Hesus, Maria, at Jose ay siyang magandang huwaran para sa lahat ng Pilipinong mag-anak. Sa gayon lamang mapanunumbalik sa Pilipinas ang kagandahan ng pamilyang nakaugat sa Ebanghelyong hinalimbawaan ng mag-anak sa Nazaret.

Ang gayong pamilya ay naging pambihira di lamang sapagkat katangi-tangi ang pagkakasilang kay Hesus, na Anak ng Diyos. Ang gayong pamilya ay karaniwan din lamang. Alam ng mga kaanak kung paanong “mabuhay sa sariling pawis.” Alam nila ang pait ng kahirapan, pagtatakwil, pag-uusig, pagpapatapon. Tiniis nila itong lahat nang nananalig sa Panginoon lamang nang may pagpupunyagi. Kaya nga, sila ay kahanga-hanga at marapat tularan.

May iba pang ikinapaging uliran ang Banal na Mag-anak ng Nazaret. Sila'y nakatuon sa Diyos. Ang Diyos, para sa kanila, ang una sa lahat. Namuhay sila sa Kanyang presensiya nang may lubos na pananalig at pakikipagtulungan.

Tampok din ang Banal na Mag-anak sa kanilang magiliw na pakikitungo sa isa't isa. “Mahabagin, maganda ang kalooban, mapagpakumbaba, mabait at matiisin” (Co 3:12), isinabuhay nila ang lahat ng kabaitang ipinangaral ni San Pablo sa lahat ng Kristiyanong pamilya. Ang mag-anak ni Hesus ay tapat at di makasarili sa pagmamahal. Ito ang ikinapaging uliran at inspirasyon ng Banal na Mag-anak ng Nazaret sa lahat ng panahon at bansa.

Bawat mag-anak ay dapat magkaroon ng tamang pagpapahalaga, paggalang sa matatanda, pagsuyo sa mga bata. Dapat itong nagkakaisa sa plano at paggawa, sa pamamamnatubay ng Diyos, na Ama ng lahat.

Ito ang mag-anak na dapat nating pagsumikapang mapanatili sa tulong ng grasya ng Diyos. Sa gayon din ito magiging banal.



Maaari na ninyong mabili ang espesiyal na
Executive Desk Calendar
Year of the Clergy
and Consecrated Persons



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Domingo, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua